

# Filipino

## Ikaapat na Markahan–Modyul 6: Pagtatanong Tungkol sa Impormasyong Inilathala sa Dayagram, Tsart, at Mapa Mula sa Aklat, sa Pinili Batay sa Interes



**Filipino – Ikalimang Baitang  
Alternative Delivery Mode**

**Ika-apat na Markahan – Modyul 6: Pagtatanong Tungkol sa Impormasyong Inilahad sa Dayagram, Tsart, at Mapa Mula sa Aklat na Pinili Batay sa Interes Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa aklat na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Evelyn B. Galino	
<b>Editor:</b>	Esther O. dela Cruz Rose Ann B. Menieba	Julito E. Lagrimas
<b>Tagasuri:</b>	Sylvia D. Villanueva Eleonor G. Distrajo	Chinky F. Baculanta
<b>Tagaguhit:</b>	Ariel S. Bomitivo	
<b>Tagalapat:</b>	Beatrice A. Olmedo Niño D. Jacobe	Argie L. Ty,
<b>Tagapamahala:</b>	Ramir B. Uytico Joy Bihag Gorgonio G. Diaz Jr. Alex B. Rejuso Lucila R. Balondo Julito E. Lagrimas Teodorico C. Peliño Jr.	Arnulfo M. Balane Rosemarie Guino Crista Joy A. Torbila Isagani E. Licas Elvira R. Ribo Beatrice A. Olmedo Ryan Tiu

Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_

**Department of Education – Regional No. VIII**

Office Address: Government Center, Cadahug, Palo, Leyte

Telefax: 053 – 832-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

# **Filipino**

**Ikaapat na Markahan–Modyul 6:  
Pagtatanong Tungkol sa  
Impormasyong Inilahad sa  
Dayagram, Tsart, at Mapa Mula  
sa Aklat na Pinili  
Batay sa Interes**

## **Paunang Salita**

Ang *Self-Learning Module* o *SLM* na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang *SLM* na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng *SLM* na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## Aralin

# 1

## Pagtatanong Tungkol sa Impormasyong Inilahad sa Dayagram, Tsart, at Mapa Mula sa Aklat na Pinili Batay sa Interes



### Alamin



Kumusta ka kaibigan? Narito akong muli ang kaibigan mong si Kokoy na umaasang magiging masayang muli ang ating paglalakbay tungo sa bagong aralin.

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito inaasahang:


1. Makapagtatanong tungkol sa impormasyong inilahad sa dayagram, tsart, at mapa (F5PB-IV-j-20); at
2. Makapipili ng angkop na aklat batay sa interes (F5EP-IVj-12).



## Subukin



Simulan na natin! Halika na at pag-aralan natin ang mapa ng silid-aklatan na nasa larawan. Magbalik-tanaw tayo sa mga bagay na nasa loob nito. Pagkatapos gawin natin ang mga gawain.



**Gawain A:** Magtala sa sagutang papel ng limang aklat ayon sa iyong interes na sa palagay mo nasa loob ng silid-aklatan na ito.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

**Gawain B:** Batay sa mapa, gumawa ng limang tanong ukol dito. Gawin ito sa sagutang papel.

Halimbawa: Anong mga aklat ang nasa *Bookshelf C*?

Mga tanong


1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## Balikan

Pag-aralang mabuti ang mga aklat na nasa ibaba. Ilan lamang ito sa mga napakaraming aklat-pambata na nailathala na. Alin sa mga ito ang iyong nagustuhan? Bakit?

 <p>A</p>	 <p>B</p>	 <p>C</p>
 <p>D</p>	 <p>E</p>	 <p>F</p>



Narito ang grap na ginawa ng Silid-aklatan ng Barangay. Ipinakikita rito ang bilang ng kabataan na humiram at nagbasa ng mga aklat na nasa larawan. Mula sa mga datos ay makagagawa tayo ng mga tanong tungkol dito. Basahin ang kasunod na tanong.

Halimbawa:

Tanong: Tungkol saan ang grap?

Sagot: Bilang ng Kabataang Humiram at Nagbasa ng Aklat.

Ngayon, ikaw naman ang gumawa ng tanong tungkol sa mga datos na nasa grap.

Mga tanong:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



Ang aklatan ay isang lugar na kinalalagyan ng iba't ibang uri ng aklat na ginagamit sa pag-aaral ng iba't ibang disiplina o larangan. Ang mga mag-aaral ay maraming pagkakataong pumasok dito para magsaliksik o maghanap ng mga kaalaman. Binubuklat nila ang mga aklat upang mahanap lamang ang mga kaalamang maaaring sagot sa mga tanong kaugnay sa paksa. Kaya dapat ang mga mag-aaral ay mayroong kakayahang pumili ng mga aklat batay sa kani-kanilang interes, nang sa ganoon ay walang maaksaya na *resources* o kayamanan tulad ng katalinuhan, pera, panahon, at lakas.

Ang mga grapikong larawan ay nagpapakita ng mga mahahalagang impormasyon na madaling maunawaan.

Madali mo bang nasagutan ang pagsasanay? Handa ka na talaga sa susunod nating gawain. Simulan mo na!



## **Tuklasin**



Tara na at ipagpatuloy natin ang paglalakbay. Alam kong kayang-kaya mong sagutin ang pagsasanay na ito.

**Gawain:** Sagutin ang sumusunod na mga tanong. Piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang dapat taglayin ng isang aklat upang mapili?
  - A. mamahalin
  - B. may mga palamuti
  - C. binili sa *National Book Store*
  - D. ang pabalat ay kapansin-pansin

2. Sa pagpili ng aklat na babasahin, kaninong interes ang dapat isaalang-alang?
  - A. sa nauuso
  - B. kagustuhan ng tatay
  - C. kagustuhan ni titser
  - D. sariling interes ng magbabasa
  
3. Bakit kailangang nakapupukaw ng interes ang paksa ng isang aklat?
  - A. dahil mahirap basahin ang aklat
  - B. dahil matagal matapos ang pagbabasa
  - C. upang hindi mapagod ang magbabasa
  - D. upang magustuhan ng magbabasa
  
4. Anong grapikong larawan ang naglalahad ng mga pangalan at lokasyon ng mga lugar?
  - A. Dayagram
  - B. Grap
  - C. Mapa
  - D. Tsart
  
5. Bakit nakatutulong sa pag-unawa ng aralin ang mga grapikong larawan?
  - A. Dahil naiiba ito
  - B. Dahil kailangan ito sa aralin
  - C. Dahil nagpapaganda ito ng presentasyon ng aralin
  - D. Dahil nagtataglay ito ng mahahalagang impormasyon na madaling unawain

6-10. Narito ang tsart na ginamit ng mga hurado sa pagpili ng nanalo sa paligsahan sa pagandahan. Gumawa ng limang katanungan ukol dito. Gawin ito sa sagutang papel.

<b>Mga Kalahok</b>	<b>Panukatan</b>			
	Pang-akit sa Madla 30%	Pagpapalitan ng diwa at kaisipan 35%	Angking Talento 35%	Kabuoan 100%
Ang, Arianne	25	30	32	87
Aquino, Lanie	25	35	33	93 panalo
Moreno, Aida	30	25	25	80

Mga tanong:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_



## ***Suriin***

Nagawa mo ba nang maayos ang mga pagsasanay? Madali lang di ba? Ngayon naman basahin mo ang paliwanag upang lubos mong maunawaan ang ating aralin.



### **Mga Dapat Isaalang-alang sa Pagpili ng Aklat**

1. May pabalat na kaakit-akit.
2. Madaling unawain at malinaw ang mga teksto.
3. Nakapupukaw interes ang paksa.
4. May kaugnayan sa aralin.
5. May bagong kaalamam o ideyang matututuhan.

### **Mga Larawan at Ilustrasyong Nakapaloob sa Aklat na Makatutulong sa Pag-aaral**

Ang **mapa** ay isang kagamitan sa pag-aaral sa pag-alam ng pangalan at lokasyon ng mga lugar. Ginagamit ang pangunahin at pangalawang direksyon sa pagtukoy sa kinaroroonan ng mga lugar na bumubuo sa mapa.

Ang **tsart** ay isang kagamitan sa pagkatuto na naglalahad ng mga bagay-bagay na maaaring pag-ugnayin upang mabuo ang isang kaisipan.

Ang **dayagram** ay isang *drawing* na nagpapakita ng kaugnayan ng mga bahagi sa isang sistema.

Ang mapa, tsart, at dayagram ay mga grapikong larawan na nagpapakita ng iba't ibang mahahalagang impormasyon. Mula sa mga impormasyong makikita sa mga ito maaring makabuo ng mga katanungan.

Ang mga grapikong larawan ay nakatutulong sa pagpapalinaw ng mga detalyeng kailangan sa pag-unawa ng binasa. Ginagamit ito sa pagtatanong upang makaganyak sa pagsagot.



## Pagyamanin



Alam kong handa ka na sa susunod pa nating gawain. Basahin mong mabuti ang mga panuto at tiyak na hindi ka mahihirapan sa pagsasagawa ng mga pagsasanay. Simulan mo na!

**Gawain:** Sipiin ang tsart sa sagutang papel. Piliin ang tatlong aklat na nais mo ayon sa iyong sariling interes. Isulat sa tapat ng napiling aklat ang pinakagusto, mas gusto, at gusto. Sa ibaba ng tsart, sumulat ng limang tanong tungkol dito.

<b>Talaan ng mga Aklat Ayon sa Sariling Interes</b>	
Diksyonaryo	
Alamat	
Paghahalaman	
Maikling Kuwento Katatakutan	
<i>Almanac</i>	

Mga tanong:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

### Rubrik sa Paggawa ng Tanong

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>
Nakasulat ng mga tanong na may tamang bantas	
Malinaw at naiintindihan ang tanong	
Nasasagot ang tanong ng mga datos sa tsart	
<b>Kabuoang Puntos</b>	
5 - Napakahusay	4 - Mahusay
2 - Di-gaanong mahusay	3 - Katamtaman ang husay
	1 - Kailangan ng pagsasanay



## **Isaisip**

Alam kong marami ka nang natutuhan kaya siguradong kayang-kaya mong gawin ang susunod pang mga gawain. Magpatuloy tayo!



**Gawain:** Basahin nang may pag-unawa ang sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang **Tama** kung totoo ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** kung hindi totoo. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang mapa ay isang kagamitan sa pag-aaral sa pag-alam ng pangalan at lokasyon ng mga lugar o bagay.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang mapa, tsart, at dayagram ay mga grapikong larawan na nagpapakita ng iba't ibang impormasyon na magagamit sa pagbuo ng mga tanong.
- \_\_\_\_\_ 3. Sa pagpili ng angkop na aklat, dapat ito'y ibatay sa sariling interes.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang bagong kaalamam o ideyang matututuhan ay dapat isinasaalang- alang sa pagpili ng aklat.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pabalat ng aklat ay walang kinalaman sa pagkahilig ng mga bata sa mga aklat.



## Isagawa



Alam kong mayroong silid-aklatan, mga aklat na nasa istante o di kaya'y abot-kamay lamang sa inyong bahay. Kung may nakita ka na, tara! Gawin na natin ang mga pagsasanay.

**Gawain A:** Pumili ka ng tatlong aklat na iyong nagugustuhan. Isulat sa sagutang papel ang pamagat at sa tapat nito ay magbigay ng dahilan kung bakit mo ito pinili.

1. \_\_\_\_\_ - \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_ - \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_ - \_\_\_\_\_

**Gawain B:** Humanap ng isang grapikong larawan mula sa iyong mga napiling aklat. Gumawa ng tatlong tanong mula doon.

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_

### Rubrik sa Paggawa ng Tanong

Pamantayan	Puntos
Nakasulat ng mga tanong na may tamang bantas	
Malinaw at naiintindihan ang tanong	
Nasasagot ang tanong ng mga datos sa tsart	
<b>Kabuoang Puntos</b>	
5 - Napakahusay	
4 - Mahusay	
3 - Katamtaman ang husay	
2 - Di-gaanong mahusay	
1 - Kailangan ng pagsasanay	



## Tayahin

Tagumpay! Binabati kita kaibigan. Naabot mo na ang huling gawain sa modyul na ito.

Karamihan sa mga batang katulad mo ay interesadong magbasa ng mga aklat tungkol sa alamat. Pag-aralan ang tsart tungkol dito at gawin ang kasunod na gawain.



### Mga Alamat na Binasa ng mga Mag-aaral sa Ikalimang Baitang

Pamagat	Bilang ng Mga Nagbasa
Alamat ng Kalabaw	28
Alamat ng Pinya	97
Alamat ng Buwaya	10
Alamat ni Maria Makiling	104
Alamat ng Bulkang Mayon	148

**Gawain:** Tingnan ang tsart. Gumawa ng limang tanong tungkol dito.

Mga tanong:

1. \_\_\_\_\_
2. \_\_\_\_\_
3. \_\_\_\_\_
4. \_\_\_\_\_
5. \_\_\_\_\_

### Rubrik sa Paggawa ng Tanong

Pamantayan	Puntos
Nakasulat ng mga tanong na may tamang bantas	
Malinaw at naiintindihan ang tanong	
Nasasagot ang tanong ng mga datos sa tsart	
<b>Kabuoang Puntos</b>	
5 - Napakahusay	4 - Mahusay
2 - Di-gaanong mahusay	1 - Kailangan ng pagsasanay
3 - Katamtaman ang husay	



## ***Susi sa Pagwawasto***

### **Susi sa Pagwawasto**

#### **Subukin**

(iba-iba ang sagot)

#### **Balikan**

(iba-iba ang sagot)

#### **Tuklasin**

1. D
2. D
3. D
4. C
5. D

#### **Pagyamanin**

(iba-iba ang sagot)

#### **Isagawa**

(iba-iba ang sagot)

1. Tama
2. Tama
3. Tama
4. Tama
5. Mali

#### **Tayahin**

(iba-iba ang sagot)



## ***Sanggunian***

- Belen, Lydia S., Legaspi, Ruth L., Mindo, Dinah F. PhD, Alunio, Lydia P. PhD, *Ugnayan Wika at Pagbasa 6*, Quezon City, Vibal Publishing House, Inc., 20106
- Gabuat, Maria P., Mercado, Michael M., Jose, Mary Dorothy dL., Boncan, Celestina P. PhD, Villan, Vicente C. PhD, *Araling Panlipunan 5 Pilipinas Bansang Malaya*, Quezon City, Vibal Group, Inc., 2016
- Kennedy-Espina, Diana, Guinto, Fe Catalina A., Carluen, Pacita S., *Bigkis 6*, Quezon City, Sibs Publishing House, Inc., 2014
- Lalunio, Lydia P. Ph.D., Ril, Francisca G., Villafuerte, Patrocinio V., *Hiyas sa Pagbasa 5*, Quezon City: LG&M Corporation 2007
- Raflores, Ester V., *Binhi Wika at Pagbasa 5*, Valenzuela City, JO-ES Publishing House, Inc., 2016

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)